# Ang Bata Sa Drum

Dulang May Isang Yugto

**Buod:** Bilang parusa sa pagiging suwail, ang batang si Roro ay nilagay ng kaniyang ama sa loob ng isang drum. Ngunit sa kabila nito, nakakahanap pa rin siya ng kapanatagan sa pag-uusap nila ng ate niyang si Krisel. Pero may sikretong tinatago si Krisel, at kailangan na niyang sabihin kay Roro bago umuwi ang kanilang ama.

**Mga Tauhan:**

Krisel – Babaeng 12 taong gulang.

Roro – Lalaking 9 taong gulang.

**Ganap**: Mga alas dos ng hapon sa isang bahay-kubo sa ibaba ng Bundok Kitanglad, Hilagang Mindanao.

**Entablado**: Harapan lamang ng bahay kubo ang makikita. Sa bandang kaliwa ay may pintuan na tinakpan ng sako na parang kurtina. Sa kanan ay isang parisukat na bintana. May ilang maliit na hagdanan paakyat sa pintuan, at sa ilalim ng bahay ay tangkal.

Sa labas ng bahay kubo ay may sampayan ng damit—ang mga damit ay luma na. Sa bandang kanan ng bintana ay isang lumang pantubig na drum na may kaunting butas at kinakalawang na. May plywood na nakatakip dito. May mga balde ng tubig at silungan para sa mga tandang.

*Maiilawan ang entablado. Si Roro ay nakayuko sa loob ng drum, hindi nakikita.*

*Tinatapik niya ang drum habang sumisinga na parang kakaiyak lang.*

*Nagmamadaling pumasok sa entablado si Krisel. Siya ay may hawak na tetra pack ng zest. Titigil siya nang nakita niyang walang tao.*

Krisel

Roro! Roro asan ka?

*Tahimik si Roro. Hahanapin siya ni Krisel sa likod ng mga sampay.*

Krisel

Roro! May sasabihin ako sa 'yo! Roro!

*Hahanapin niya si Roro sa tangkal.*

Krisel

Roro! *Asa ang* mga manok? Roro!

*Aakyat si Krisel sa bahay kubo at patuloy na tinatawag*

*si Roro. Hahanapin niya sa bahay.*

*Tatawagin niya si Roro mula sa bintana. Makikita niya ang drum at titigil siya.*

Krisel

Roro! Huy!

*Hindi iimik si Roro.*

Krisel

Rorooooo!

*Hindi pa rin iimik si Roro. Lalabas si Krisel at uupo sa hagdan.*

*Katahimikan.*

Krisel

Kanina ka lang ba *diha*?

*Katahimikan. Gagalaw si Roro sa loob ng drum.*

Krisel

Ano na naman ang ginawa mo ngayon?

*Katahimikan.*

Krisel

Huy! Asan ang mga manok *ba*?

*Katahimikan.*

Krisel

Roro! May zesto ako.

*Katahimikan.*

Krisel

Sige ka! Pag hindi mo ako pansinin, di kita bibigyan.

*Ilalabas ni Roro ang kaniyang daliri sa isang butas ng drum. Isisingit ni Krisel ang straw sa butas at iinom si Roro. Babawiin agad ni Krisel bago pa ito maubos.*

Krisel

Psst…Roro, asa ang mga manok *ba*?

Roro

*Ay. Naa ra diha.* Nandiyan lang 'yung mga 'yun, nag-iikot. Pero babalik naman sila pag malapit na gabi.

*Katahimikan.*

Krisel

Bakit ka na naman nilagay ni papa sa drum?

*Katahimikan. Hihinga nang malalim si Krisel.*

Krisel

Alam mo ba, kanina sa school, si Kokoy hinabol-habol ng nanay niya. Ayun, pinalo kasi sinira ni Kokoy bagong tsinelas niya.

*Hindi sasagot si Roro.*

*Lalapit si Krisel sa drum. Itutulak niya sa gilid ang plywood at titingin sa loob.*

Krisel

Huy! *Pag sturya ba*! Kausapin mo ako!

Roro

Ibalik mo 'yan. Basin *masakpan* ka ni papa!

Krisel

Magpasalamat ka kaya na nandito ako!

*Ibabalik ni Krisel ang plywood na kalahati lang ang nakatakip sa drum. Babalik si Krisel sa may hagdan.*

Krisel

Bakit ka ba nilagay sa drum?

Roro

*Wala ra gud uy!* May kinuha akong barya, bumili kami ng gagamba tapos pinag-away namin. Ito o tingnan mo!

*May ilalabas si Roro na kahon ng posporo. Ipapakita niya kay Krisel ang gagamba sa loob nito gamit ang isang patpat.*

*Iiwas si Krisel.*

Krisel

Itapon mo nga 'yan!

*Ibabalik ni Roro ang gagamba sa kahon. Ilalagay niya ang kahon sa ibabaw ng plywood.*

Krisel

Magkano ba ang kinuha mo?

Roro

*Singko lang gud*.

Krisel

*Asa* mo kinuha?

Roro

Yung lumang lata sa loob. Doon sa *ilalum* ng damit ni papa.

Krisel

Tapos gagamba lang binili mo? *Unsa man na* Roro, uy! Pag nalaman ni mama ‘yang mga pinanggagawa mo…

Roro

Ano? Wala naman siyang pakialam eh.

Krisel

Hindi ‘yan totoo. Kaya nga *gatrabaho* siya sa syudad ‘di ba para *makahawa* ta dito. Para di na tayo mahirapan kasama si papa.

Roro

‘Wag kang maniwala diyan.

*Katahimikan. Tatayo si Krisel at titingnan ang paligid. Sisilip siya sa tangkal.*

Krisel

Roro, sigurado ka ba na *mubalik* ang mga manok?

Roro

Wag ka nang mag-alala, ate. Ginagawa nila ito *adlaw-adlaw*. Pag mga alas-dos na, umiikot-ikot sila—pero di naman lumalayo. Hindi mo lang nakikita *kay* nasa school ka o kalaro mo mga kaibigan mo.

Krisel

Aaahh…

*Katahimikan.*

Krisel

Sandali lang! Paano mo alam ‘yan? ‘Di ba nasa school ka hanggang alas-tres?

*Katahimikan.*

Krisel

Huy! Di ba nasa school ka *adlaw-adlaw*?

Roro

Maaga kami pinapauwi eh.

Krisel

Oo nga! Alas tres kayo *ga-uli*. Paano mo alam na umaalis ang mga manok nang alas dos?

*Hindi sasagot si Roro.*

Krisel

Pag hindi mo ako sinagot, sasabihan ko si papa.

Roro

*Di na ko ga-attend ug* school.

Krisel

Ha? Bakit? Anong ginagawa mo sa *adlaw*? At saan napupunta ang barya na binibigay ni papa sa 'yo pang school?

Roro

*Ambot lang.* Di ko alam.

Krisel

Roro, kailangan *mubalik* ka sa school! Umayos ka*!* Para makaalis tayo dito. Kaysa naman dito ka lang, walang pinag-aralan. 'Yan ba gusto *nimo*?

Roro

Ano ba, ate! Di ka si mama! Pabayaan mo ako!

Krisel

Roro, sabi ni mama bantayan daw *tika*! Naalala mo yung sabi niya bago siya umalis, 'di ba? *Maminaw* ka daw sa akin!

Roro

Hindi ko na maalala.

Krisel

At paano pag kinuha na tayo ni mama? Anong mangyayari sa 'yo na di ka nakapag-aral?

Roro

Wala *koy labot*.

*Magdadabog si Krisel at babalik sa hagdan.*

*Katahimikan.*

*Titingnan ni Krisel ang mga sampay. Papasok siya sa bahay at kukuha ng balde. Kukunin niya ang mga nakasampay na damit at ilalagay sa balde.*

*Uupo siya sa hagdan at titiklupin ang mga damit.*

Krisel

Roro, kailangan *mubalik ka* sa school. Kailangan handa tayo pag kinuha na tayo ni mama papunta sa siyudad.

Roro

Ayaw kong umalis.

Krisel

*Diya*? Ito ba ang gusto mo? *Naa ra ka* sa loob ng drum, ikaw lang mag-isa.

Roro

Okay lang *ko diri*. Kay pag nasa loob ako ng drum, kinakausap mo ako.

*Katahimikan. Hihinga nang malalim si Krisel.*

Krisel

Alam mo, magagalit yun si papa pag nakita niyang wala ang mga manok. Alam ba niyang umaalis sila pag hapon na?

Roro

Hindi. Paano niya malalaman? Wala naman siya sa *bahay* ng ganitong oras.

Krisel

*Lagi*. Kasi pag nasa bahay siya, malalaman niyang hindi ka na pumapasok sa school.

Roro

Sasabihin mo ba sa kanya?

Krisel

Hindi. Wag kang mag-alala. Basta bumalik lang yung mga manok, okay lang. Binibilang mo ba sila pagbalik nila?

Roro

Minsan. Basta wag ka nang mag-alala. Kung may nawawala man, malamang mapapansin 'yan ni papa at mapapagalitan niya tayo. Wala pa naman siyang sinasabi eh.

*Katahimikan.*

Roro

Ate…ano yung sasabihin mo sa akin?

Krisel

Ha?

Roro

Kanina nung dumating ka dito. Nung hinahanap mo ako.

Krisel

At hindi ka sumasagot?

Roro

Sabi mo may sasabihin ka sa akin.

Krisel

Aaah…

*Katahimikan.*

Krisel

Wala lang yun. Nakita ko lang mga *amigo* mo naglalaro sa may basketbolan. Di kita nakita kasama sila eh.

Roro

Anong sabi nila?

Krisel

Na kinuha ka daw ni papa. Tapos pumunta ako dito.

Roro

Buti na lang di mo siya naabutan. Baka bubugbugin ka rin niya

Krisel

Paano ka ba niya nahanap?

Roro

Pinag-aaway lang naman namin yung mga gagamba. Hindi ko nga alam bakit nandun si papa, akala ko nga nasa may tindahan siya umiinom. Nakita niya kami at tinanong niya kung saan ko nakuha yung gagamba. Sabi ng mga kaibigan ko binili namin.

Krisel

Kaya ba niya nalaman na kinuha mo yung barya?

Roro

Oo. *Dayun* dinala niya ako dito, pinalo, pinagalitan, at tinapon sa drum.

*Katahimikan.*

Krisel

Nasaan ba si papa ngayon?

Roro

Baka bumalik sa tindahan, nag-inuman. Pag bumalik yun na lasing, baka *diri* ako matutulog sa drum. Siya lang daw pwede magpaalis sa akin dito.

Krisel

*Ha*?

Roro

*Ngano*?

Krisel

Kailan ka natulog sa drum?

Roro

Mga tatlong beses na. May isang beses nga na umulan.

Krisel

Bakit hindi ko ‘to alam?

*Lalapit si Krisel sa drum.*

Krisel

Akala ko pinalalabas ka lang ni papa sa drum nung tulog na ako. At umaalis ka na bago ako gumising.

Roro

Ate wag ka nang mag-alala

Krisel

Anong wag na akong mag-alala? *Sinabi* mo unta sa akin ‘yan, Roro!

Roro

*Ngano*? May magagawa ka ba?

Krisel

Baka matulungan kita o masabihan si…

Roro

Sino? Si mama? Wala si mama dito eh.

Krisel

Kahit na! Sana sinabi mo sa akin!

Roro

Ate wag na. Minsan lang naman nangyayari eh.

*Katahimikan. Titingin si Krisel sa kaniyang paligid.*

Krisel

Bakit…bakit hindi ka na lang umalis diyan pag wala na si papa? Tapos balik ka na lang pag parating na siya?

Roro

Sinubukan ko na ‘yan noon. Masyadong mahirap eh. At nahuli niya ako isang beses.

Krisel

Kahit na! Sigurado akong makakahanap ka ng paraan niyan. Ilapit mo siguro itong balde para maapakan mo.

*Itatabi ni Krisel ang isa sa mga balde sa drum. Aabutan niya ng maliit na balde si Roro.*

Krisel

Tapos ‘yan ang aapakan mo sa loob.

*Iaalok ni Krisel ang kaniyang kamay kay Roro.*

Krisel

Hali na, subukan natin!

Roro

Ate *ayaw na*! Ano pa rin ba magagawa niyan?

Krisel

Ha? E mas makakagalaw ka, makakalaro ka kahit kaunti, makakakain ka…

Roro

Ate, okay *ra lagi ko*. Si papa wala sa loob ng drum. Walang school sa loob ng drum. Walang masama sa loob ng drum. Masaya na ako dito.

*Katahimikan.*

Krisel

Ano ba kasing klaseng pagparusa ‘yan. Ilalagay sa drum na parang hayop.

Roro

*Di* na nga siya parusa para sa akin eh.

Krisel

Kahit na. Mas magiging maayos siguro talaga pag umalis tayo dito, pag kasama natin si mama sa siyudad.

Roro

Hindi rin, ate. Paano mo alam ‘yan? Nabubuhay naman tayo dito nang wala si mama ah?

*Katahimikan. Iikot si Krisel sa entablado, titingin kung may taong papalapit. Babalik siya kay Roro.*

Krisel

Roro, may sasabihin ako sa ‘yo. Pero kailangan ipramis mo sa akin hindi mo sasabihin sa iba, kahit sino, at na hindi ka magagalit.

Roro

Pramis, ate.

Krisel

Kanina kasi, may tumawag sa school. Kausapin daw ako. Pumunta ako sa principal’s office *ug* nakausap nako si mama sa cellphone ni mam. Sabi ni mama gusto na daw niya tayong dalhin sa siyudad. Pero kailangan *una ko*, tapos *musunod* ka.

*Katahimikan.*

Roro

Anong sabi mo?

Krisel

Tinanong ko si mama kung alam ba ‘to ni papa. Sabi niya hindi daw, at wag ko daw sasabihin. Kaya Roro, wag mo ring sabihin ha?

*Katahimikan.*

Roro

Kung aalis ka ate…baka di na ako makakasunod.

Krisel

*Ngano na man pud*?

Roro

Anong mangyayari pag malaman ni papa na kinuha ka na ni mama? Tapos dadalhin niya ako sa ibang lugar? Di niyo na ako makukuha…

Krisel

*Dili yan*! Saan pa ba kayo pwede pumunta?

Roro

Hindi ko alam.

Krisel

At hindi naman malalaman ni papa na si mama ang kumuha sa akin.

Roro

Eh sino pa bang iba?

Krisel

Baka…sabihin mo na lang…lumayas ako.

Roro

Malalaman din niya 'yan.

*Katahimikan.*

Krisel

Eh ano ba kasing gusto mo mangyari?

*Katahimikan.*

Roro

Ate, pag umalis ka, sino na ang kakausap sa akin pag nasa drum ako?

*Katahimikan.*

Krisel

Roro, pag umalis ako, wag mo nang galitin si papa ha…para di ka na malagay sa drum.

*Katahimikan.*

Roro

Ate…gusto mo ba umalis?

*Katahimikan.*

Krisel

Oo naman…at dapat gusto mo rin kasi ayoko naman na ginaganito ka, na pinapasok ka sa drum.

Roro

Ate, paano mo nga nasisigurado na magiging maayos buhay natin doon? Matagal na mula nung nakasama natin si mama.

*Katahimikan.*

Krisel

Kahit ano, mas maayos siguro kaysa dito.

*Hihinga nang malalim si Roro. Katahimikan.*

*Tatayo si Krisel at papasok sa bahay. Kukuha siya ng isang pakete ng biskwit. Kakainin niya ito habang naglalakad.*

*Maririnig ni Roro ang pagnguya niya. Tatapikin niya ang drum.*

Roro

Ate, unsa na?

Krisel

*Ga-kaon* ako.

Roro

Ano kinakain mo?

Krisel

Biskwit.

Roro

Bigyan mo ako.

*Ilalabas ni Roro ang kaniyang daliri sa isang butas sa drum.*

Krisel

Hala ka, anong gusto mong gawin ko*?* Iso-shoot ko sa drum? Lumabas ka at kunin mo.

Roro

*Di ko.* Sige na, ate.

Krisel

Lalabas ka naman din diyan *diba*? Ngayon na lang. Pag balik *man pud* ni papa lasing na yun, di na niya malalaman na nakalabas ka.

Roro

Paggising niya bukas malalaman niya.

Krisel

Sabihin natin nakalimutan niya na pinalabas ka niya kasi lasing siya.

Roro

Malalaman pa rin niya.

Krisel

Akala ko ba wala kang pakialam?

*Gagalaw si Roro sa loob ng drum. Katahimikan.*

Krisel

Roro, mauubos ko na…

*Katahimikan.*

Roro

Kailan ka ba kukunin ni mama?

Krisel

Tayong dalawa ang kukunin ni mama, Roro

Roro

Pero mauuna ka nga di ba? Kailan?

Krisel

Si mama daw may *amiga* na *nay* truck. Susunduin daw niya ako sa school. Baka pagkatapos ng graduation.

Roro

Eh di ba pupunta si papa sa graduation?

Krisel

*Dili* nga siya gusto na pumunta ako sa graduation. Mahal daw. Pero may naipon akong kaunti, yun na lang.

Roro

Bakit di niya tayo sunduin nang sabay?

Krisel

Kasi wala pa siyang maraming pera, at kailangan ko nang mag high school doon. Basta Roro wag kang mag-alala. Nangako si mama na pag may pera na siya, kukunin ka rin niya.

Roro

Di yan mangyayari.

*Katahimikan.*

Roro

Magagalit talaga si papa sa akin. Ipapatira na niya siguro ako sa drum pag nangyari na 'yun.

Krisel

Ha?

Roro

Pag di ka umuwi. Sasabihin ni papa na kasalanan ko, na alam ko kung nasaan ka.

Krisel

*Ayaw!* Wag mo sabihin! Bata ka naman eh, wala kanga lam!

Roro

Di yun maniniwala. Sana di mo na lang sinabi sa akin. Sana umalis ka na lang para pareho kami ni papa na magulat na lang na di ka umuwi.

Krisel

Mas gusto *ba nimo na* di ko sinabi? Na di ka nakapaghanda?

Roro

Handa sa ano?

Krisel

Na…wala na ako. Na mag-isa ka na lang.

Roro

Paano ba ako maghahanda para doon?

Krisel

Para di ka mag-alala. Kung ikaw ang sinabihan ni mama ng ganyan, gusto ko rin na sabihin mo sa akin.

*Katahimikan.*

Krisel

Magiging maayos din ang lahat, Roro. Basta magtiwala ka kay mama.

Roro

Ayoko.

Krisel

Eh di magtiwala ka sa akin.

*Katahimikan.*

Krisel

Basta Roro, maghintay ka lang din ng tawag ni mama sa school ha?

Roro

Hindi ko sasagutin ang tawag.

Krisel

Kailangan mong sagutin ang tawag, Roro. Para magkasama na tayo sa syudad. Basta gawin mo ang lahat para magkasama tayo.

*Katahimikan.*

Krisel

Kaysa naman *naa ka lang sa* loob ka lang drum habang buhay.

Roro

Wala namang nasa labas ng drum para sa akin. Nandito lang naman ako palagi eh, kinakausap ka.

Krisel

Pagdating natin doon sa syudad mag-uusap din tayo. Basta sumunod ka lang sa mga sinasabi ko.

Roro

Ano pa ba ang pag-uusapan natin pag wala ako sa drum?

Krisel

Mas maraming bagay.

*Katahimikan.*

*Patllang.*

*Titingin sa paligid si Krisel.*

Krisel

Gumagabi na, sigurado ka ba na *mubalik* ang mga manok?

*Katahimikan.*

Krisel

Hanapin na *nato*, Roro! Sige na!

*Lalapitan ni Krisel si Roro at iaalok ang kaniyang kamay.*

Krisel

Huy, dali na! Hahanapin pa natin ang mga manok!

*Katahimikan.*

Krisel

Roro, tara na! Tulungan mo na ako!

*Hahawakan ni Krisel ang kamay ni Roro.*

*Maririnig ang kurukutok ng isang manok. Bibitawan ni Krisel ang kamay ni Roro.*

Krisel

Ayan na sila! Tara itipon na *nato* sila! Dali!

*Tahimik si Roro. Iikot si Krisel sa entablado at hahanapin ang mga manok.*

Krisel

Dali na, Roro! Apakan mo na lang ‘yang balde diyan para makaalis ka! Dali!

*Katahimikan. Maririnig ang kurukutok ng isang manok*

Krisel

Roro, dali! Dumidilim na!

Roro

Ate wag ka nang mag-alala. Marunong na silang bumalik nang sila lang. Palagi nga nilang ginagawa 'yan!

Krisel

Kahit na! Itipon pa rin natin sila para sigurado!

*Katahimikan. Hahanapin pa rin ni Krisel ang mga manok. Hindi iimik si Roro.*

Krisel

Tutulong ka ba o hindi?

*Hindi iimik si Roro.*

Krisel

Ano ba 'yan, nagtago pa *jud utro*! Huy sige na!

*Katahimikan.*

Krisel

Huy Roro, hahanapin ko na sila.

*Katahimikan.*

Krisel

Bahala *na ka* diha, uy! Hahanapin ko muna sila ha?

*Hihintayin ni Krisel ang sagot ni Roro. Katahimikan.*

*Patlang.*

*Lalapit si Krisel sa drum at yayakapin ito nang mahigpit. Katahimikan.*

*Maririnig ang kurukutok ng mga manok.*

*Tatakbo si Krisel palabas ng entablado.*

*Katahimikan.*

Roro

Babalik *lagi sila*, ate. Babalik din.

*Tatapikin nang tatapikin ni Roro ang drum mula sa loob.*

*Mapapatay ang ilaw.*

*Telon.*